8

# Modelong Banghay-Aralin sa Filipino

Kuwarter 4

Aralin 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino 8**
**Kwarter 4: Aralin 1 (para sa Unang Linggo)**
**TP 2025-2026**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panunurang 2025-2026. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**:

- Allan A. Ortiz. Phd, SMRIEdr, SMRIM- (Elizabeth Seton School - Las Pinas Campus)

**Tagasuri**:

- PNU-RITQ Team

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University

Research Institute for Teacher Quality

SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**FILIPINO / KUWARTER 4/ BAITANG 8**


| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng Obra Maestra – Florante at Laura para sa pagpapahalaga sa sariling kalinangan at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakalilikha ang mag-aaral ng spoken poetry na nagtatampok sa apat na himagsik ni Balagtas na maiuugnay sa panunumbalik ng Kalinangang Pilipino na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>**Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa kaligirang pangkasaysayan ng Obra Maestra – Florante at Laura**<br>-Natatalakay ang mahahalagang pangyayari sa kaligirang pangkasaysasyan ng Obra maestra ng Florante at Laura<br>-Nasusuri ang kalagayan at katangian ng panitikan sa panahong ito<br>- Napahahalagahan ang Obra Maestrang Florante at Laura |
| **D. Nilalaman** | -Kaligirang Pangkasaysayan<br>-Kalagayan at Katangian ng Panitikan sa panahong naisulat ito<br>-Mga Tauhan at Buod ng Florante at Laura<br>-Kahalagahan ng Pag-aaral ng Florante at Laura |
| **E. Integrasyon** | |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| Santos, K. (2016) Ang apat na himagsik ni Francisco Balagtas at iba pang sanaysay. Komisyon sa Wikang Filipino. Metro manila<br>Arcilla, F. (January 23, 2020). Kaligirang pangkasaysayan ng Florante at Laura. https://obrablogs.wordpress.com/2020/01/23/kaligirang-pangkasaysayan-ng-florante-at-laura/ |


<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>UNANG ARAW<br><br>1. Maikling Balik-aral<br>LARAWANALISIS: Magbabahagi ang mga mag-aaral ng kanilang nalalaman sa pananakop ng mga Espanyol sa Pilipinas.<br><br>Gabay na tanong:<br>1. Paano mo ilalarawan ang buhay ng mga Pilipino noong pananakop ng mga Espoanyo?<br>2. Bakit kaya walang pagabbago at pag-unlad sa Pilipinas sa ilalim ng pananakop ng Espanyol?<br>3. Ano-ano'ng mabubuti at masasamang impluwensiya ng mga Espanyol sa ating bansa? Isa-isahin.<br>2. Pidbak (Opsiyonal)</td><td>Ipakita sa klase ang larawan at ibigay ang mga tanong na may kaugnayan sa pananakop ng mga Espanyol sa bansa. Maaaring gumamita ng mga mag-aaarl ng smartphone upang magsaliksik ng impormasyon kaugay nito.</td></tr>
<tr><td>B. Paglalahad ng Layunin</td><td>1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br><br>ALAM MO BA?<br>Ang awit at korido ay tinatangkilik pa rin hanggang sa ngayon bilang isang uri ng panitikan na impluwensiya ng mga Espanyol.<br><br>Nagmula noong panahon ng mga Espanyol. Nang ang Pilipinas ay sakupin ng mga dayuhang Kastila, nagsilbing daan ang panitikan upang madali at mabisang maipakalat, maipasa, o maipalaganap ang mensahe, at upang maipakita sa mga tao, partikular na sa mga katutubo, ang konteksto ng Kristyanismo. Ngunit para sila ay maaliw at masiyahan, nabuo o naimbento ang isang anyong panitikan na tinawag na awit at korido. Noong gitnang panahon lumaganap ang awit at korido sa Europa bilang isang uri ng romansang panitikan. Nakarating ang mga ganitong uri ng panitikan noong 1610 mula Mexico sa pamamagitan ng kalakalang Galleon.<br><br>Ginamit itong istrumento ng mga misyunerong prayle sa Pilipinas bilang kagamitan upang maipalaganap ang relihiyong Katolisismo sa mga katutubo. Ito ay nagsilbing libangan ng mga katutubo bukod sa pagtuturo ng mga gintong aral sa buhay at pananampalataya.</td><td>Sa pagtalakay nga awit at korido, gabayan ang mga mag-aaral sa tugon kaugnay sa paggamit ng panitikang ito sa paglaban sa mga espanyol. Dala ng paghahangad ng mga Pilipinong makalaya sa kalupitan ng mananakop at sa kaniang katalinuhan at naitago nila ang pagtuligsa sa espanya gamit ang mga simolismo at matatalinhagang pahayag.<br><br>Link:<br>https://www.blogger.com/blog</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **GABAY-TANONG:** Isaisip ang mga gabay na tanong sa ibaba.<br>1. Bakit kaya tinangkilik ng mga katutubo ang mga awit at korido noong panahong ito?<br>2. Sa iyong palagay, paano magagamit ang awit at korido bilang panitikan na tutuligsa sa mga Espanyol sa kabila ng mahigpit na sensura sa bansa?<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**TALASALITAAN** – Basahin at unawain ang pangungusap. Bilugan ang titik ng kasingkahulugan ng salitang may salungguhit sa loob ng pangungusap.<br><br>1. Nakarating ang **ekspedisyon** ni Ferdinand Magellan sa pulo ng samar noong Marso 16, 1521.<br>A. paglalakbay C. pagsira<br>B. pagsakop D. pagbisita<br><br>2. Halos lahat ng ating makikita sa kasulukuyang panahon ay produkto ng **kolonisasyon**.<br>A. pagsagupa C. paraan ng pananakop<br>B. pakikipagkalakalan D. pagtangkilik<br><br>3. **Tinangkilik** ng mga katutubo ang mga panitikang mula sa Europa.<br>A. binaliwala C. binista<br>B. sinuportahan D. kinalaban<br><br>4. Ang pagbabasa ay pangunahing **libangan** noong panahon ng Espanyol. .<br>A. kasiyahan C. gawaing nagbubunga ng lungkot<br>B. kaswian D. gawaing nagdudulot ng kaaliwan<br><br>5. Kumalat ang isang **lathala** tungkol sa pagtuturo ng pananampalataya noong panahon ng Espanyol. .<br>A. akdang inilimbag C. walang katotohanang pahayag<br>B. akdang luma D. mga birong sabi-sabi | /post/edit/preview/7444493013164995626/240261330505471971<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br>1. A<br>2. C<br>3. B<br>4. D<br>5. A |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWA AT IKATLONG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 1:** ______________________ | |


| | | |
|---|---|---|
| | **Kaligirang Pangkasaysayan ng Florante at Laura**<br>Allan A. Ortiz<br><br>Isa sa layunin ng mga Espanyol sa kanilang ekspidisyon sa pamumuno ni Fedinand Magelan ay palaganapin ang relihiyon at nakarating sa tinog-silangan ng Samar noong Marso 16, 1521. Sa ekspedisyon ni Miguel Lopez de Legaspi noong 1565 ay nagtayo ng permanenteng paninirahan ang mga Espanyol sa Cebu hanggang itinatag pahilaga hanggang maabot ng mga kolonyolista ang Look ng Maynila. Dito nagsimula ang kolonisasyon ng Espanya na nagtagal ng tatlong siglo.<br><br>Sa matagal na pananakop na ito, nadagdagan ng uri ng panitikan sa Pilipinas na ang karamihan sa mga ito ay patungkol sa pananampalataya at relihiyon. Isa na rito ay ang awit at korido na isang uri ng panitikang lumaganap sa Europa noong Gitnang Panahon na pumapaksa pag-ibig at pakikipagsapalaran. Ang ganitong uri ng panitikan ay sinasabing nagmula sa Mexico sa pamamagitan ng kalakalang Galleon upang gamitin sa pagpapalaganap ng relihiyon sa Pilipinas. Tinangkilik ng mga katutubo ang ganitong panitikan dahil sa mga tauhan, tagpuan at mga aral sa buhay at pananampalatayang nakapaloob dito bukod sa pagiging uri ng libangan upang makalimot sa hirap ng buhay na dinaranas sa kamay ng mga malupit na Espanyol.<br><br>Mahigpit ang sensura noong panahong iyon dahil ayaw ng mga Espanyol na maglathata ng babasahin o mapalabas ng dulang tumutuligsa sa Espanya. Gayunman, hindi napigil ng mga pamahalaan ang mga Pilipinong maglathala ng mga babasahing may paghihimagsik sa kanila. Isa na rito ang Florante at Laura na may orihinal na pamagat na " Pinagdaanang Buhay ni Florante at Laura sa Kahariang Albanya: Kinuha sa ladling cuadro historico o pinyurang nagsasabi sa mga nangyari nang unang panahn sa impero ng Gresya, at tinula ng isang matuwain sa bersong Tagalog. Masasabing hindi lamang ito isang ordinaryong awit, bagkus may malalim na kahulugan at konteksto sa kasaysayan ng panahon. Ito ay awit ni Frnacisco Balagtas noong 1838 ay hango sa kasaysayan ng pag-ibig niya kay Maria Asuncion Rivera.<br><br>Batay sa pag-aaral ng awit na ito, Ayon kay Isagani Cruz at Solidad Reyes sa kanilang aklat na "Ang Panitikan" "Hindi kaagad nagbago ang ating panitikan dahil sa pagsipot sa ating bayan ng mga Kastilang may dala ng krus at espada...Subalit malinaw ang pagpasok ng oryentasyong relihiyoso sa panahong ito." Walang katiyakan kung saan o kailan isinulat ang awit na *Florante at Laura.* May | Ipabasa sa mga mag-aaral ang teksto at gawin ang mga Gawain. Maaaring gawing pangkatan o isahan ang Gawain. Maaaring gamitin ang rubric sa pagmamarka.<br><br>Link:<br>https://www.blogger.com/blog/post/edit/preview/7444493013164995626/240261330505471971 |

| | | |
|---|---|---|
| | ilang dalub-aral ang nagsasabing isinulat ni Balagtas ito sa bilangguan sa Pandacan sa pagitan ng 1835 at 1838 nang ipakulong ni Mariano Kapule. May ilang haka-haka na maaaring naisulat ang awit sa bilangguan sa Balanga at Maynila sa pagitan ng 1856-1860. Nang ipapiit siya ng katulong na babae ni Alferes Lucas ng Bataan sa sumbong ng pamumutol ng buhok. 800 – 1900 – marami-rami na rin ang naglimbag ng *Florante at Laura* ni Balagtas sa panahong ito na isa sa basehan ng kasikatan ng anumang aklat ng panahong ito. Ang 1861 na kopya ay napasakamay ni Carlos Ronquillo, isang mananalaysay. Ayon sa kanya ang limbag ay inimprenta sa papel de China ng y Giraudier. Binanggit din niya si T.H. Pardo de Tavera, isang mananalaysay na nag-aral ng kasaysayan ng Pilipinas, ay nag-iingat naman ng edisyon 1870 na nalimbag ng Imprenta de B. Gonzalez Mora sa Binondo. Maraming lumabas na mga edisyon ng Florante at Laura na nasa wikang Tagalog at Ingles,subalit natupok ang mga ito noong 1945, nang magwakas ang Ikalawang DigmaangPandaigdig. Sapagkat kabilang nga ito sa mga korido noong ika-19 dantaon, nalimbag lamang ang mga kopya ng akda ni Baltasar sa mga mumurahing klase ng papel (papel dearroz ayon kay Epifanio de los Santos) na yari sa palay na ipinagbibili tuwing may misa at mga kapistahan sa halagang 10 sentimo bawat isa.<br><br>1. **Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**TALA-SALITA-** Magbigay ng salitang maiuugnay sa salitang nasa kaho**n**<br><br><br> | |

**T-TSART –** Magtala ng mga dahilan kung bakit naakit ang mga Pilipino sa awit at korido.




**TALA-KAHON -** Magtala ng mga mahahalagang impormasyon kaugay sa kaligirang pangkasasyayan ng Florante at Laura.



**VIDEONALISIS -** Panoorin Ang video ng mga tauhan ng Florante at Laura gamit ang link sa ibaba at ilarawan ang mga tauhan ng awit.
Link: https://youtu.be/1N7uL4uD9wk?si=zPsD-NI2mbpvmEaU

| | |
|---|---|
| Prinsesa Floresca | |
| Flerida | |
| Menalipo | |
| Florante | |
| Conde Adolfo | |
| Sultan Ali-Adab | |
| Haring Linceo | |
| Laura | |
| Aladin | |
| Duke Briseo | |

**VIDEONALISIS -** Panoorin Ang video ng buod ng Florante at Laura gamit ang link sa ibaba at muling isalaysay ang kasaysayan ng Florante at Laura.

Link https://www.youtube.com/watch?v=dCIAnUBBXxg&ab_channel=GinoongLaya

**Rubric:**

Bilang ng Pangkat: ______________________ Marka: _________

| **MGA PAMANTAYAN** | **NAPAKAHUSAY (4)** | **Mahusay (3)** | **Di-GaanongMAHUSAY (2)** | **Paghusayan Pa (1)** |
|---|---|---|---|---|
| Paglalahad | Napakaayos at angkop ang ginawang paglalahad | Maayos at angkop ang ginawang paglalahad | Hindi gaanong maayos at angkop ang ginawang paglalahad | Malabo ang ginawang paglalahad |
| Nilalaman | Napakalinaw ng nilalaman ng ulat | Malinaw ng nilalaman ng ulat | Hindi gaanong malinaw ng nilalaman ng ulat | Malabo ang nilalaman ng ulat |
| Kawastuhan | Higit na tama ang mga detalye at impormasyon | Sapat ang mga detalye at impormasyon | May isa o dalawang mali sa mga detalye at impormasyon | Maraming mali sa mga detalye at impormasyon |
| Kagamitan | Higit na nakatulong ang ginamit na props Sa ginawang pag-uulat | Nakatulong ang ginamit na props Sa ginawang pag-uulat | Hindi gaanong nakatulong ang ginamit na props Sa ginawang pag-uulat | Walang ginamit na props sa ginawang pag-uulat |

**Mga Tamang Sagot:**

1. Mali
2. Tama
3. Tama
4. Tama

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Pagkakasunos-sunod | Napakaayos ang pagkakasunod -sunod ng ginawang paglalahad | Maayos ang pagkakasunod -sunod ng ginawang paglalahad | Hindi gaanong maayos ang pagkakasunod -sunod ng ginawang paglalahad | Lubhang magulo ang pagkakasunod-sunod ng ginawang paglalahad |

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**

**TAMA O MALI:** Isulat sa patlang ang TAMA kung ang impormasyon at totoo at MALI kung hindi.

_____________1. Naging kolonya ng Espanya ang Pilipinas noong 1521.

____________2. Patungkol sa pananampalataya at relihiyon ang mga uri ng panitikang lumaganap noong panahon ng Espanya.

____________3. Ang awit at korido ay mula pa noong Gintang Panahon na pumapaksa sap ag-ibig at romansa.

____________4. May ilang haka-haka na maaaring naisulat ang awit sa bilangguan sa Balanga at Maynila sa pagitan ng 1856-1860. nang ipapiit siya ng katulong na babae ni Alferes Lucas ng Bataan sa sumbong ng pamumutol ng buhok.

___________ 5. Nalimbag lamang ang mga kopya ng akda ni Baltasar sa mga de kalibreng klase ng papel na ipinagbibili tuwing may misa at mga kapistahan sa halagang piso bawat isa.

5. Mali

Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbabahagi ng kanilang saloobin sa pananakop ng Espanya sa Pilipinas batay sa kalagayan ng mga Pilipino nang panahong ito. Sa kabila ng mga negatibong pangayari ay ituon sa mabuting idinulot nito sa mga Pilipino at dapat iwastong maling pag-uugali na hanggang ngayon ay umiiral.

## IKAAPAT NA ARAW

2. **Paglalapat at Pag-uugnay**

**BALITAKTAKAN** – Magkakaroon ng malayang pagbabahaginan ang mga mag-aaral batay sa kanilang opinyon o saloobin tungkol sa sumusunod na usapin:

1. Hindi pantay na pagtingin ng mga Espanyol sa mga Pilipino sa panulat.
2. Pagtingin ng mga Pilipino sa magagandang bagay sa kabila ng masalimuot na kalagayan ng bayan

**Tanong-Tugon:** Punan ang sumusunod na katanungan.

| Tanon | Tugon |
|---|---|
| 1. Ano-ano ang masamang epekto ng pananakop ng Espanyol sa bansa at mamamayan nito? | |
| 2. Ano-ano ang mabuting epekto ng pananakop ng Espanyol sa panitikan? | |
| 3. Sa iyong palagay, may natutuhan baa ng mga Pilipino sa pananakop ng mga Espanyol sa bansa? Pangatwiranan. | |
| 4. Paano mo pahahalagahan mga pangayyari sa bansa sa nakalipas na panahon gaya noong panahon ng pananakop ng Espanya? | |

**Rubrik sa Pagmamarka**

5- Napakahusay
4- Mahusay
3- Katamtamang Husay
2- Di-Gaanong Mahusay
1- Nangangailangan ng Pagpapahusay

| Pamantayan | Iskor |
|---|---|
| 1. Nasagot ba nang wasto ng mga tanong sa pagsusuri? | |
| 2. Malinaw bang naipaliwanag ang pasalitang pag-uulat? | |
| 3. Nakibahagi ba ang lahat sa pagsasagawa sa iniatang na gawain? | |
| **Kabuoan (15 puntos)** | |

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto** | Maaaring pangkatin ang kase upang ipakita ang kanilang natutuhan at paglalagom sa |

| | | |
|---|---|---|
| | **AWIT_LAGOM -** sumulat ng isang awit na nagpapakita ng inyong natutuhan mula sa pagtalakay. Maaaring lapatan ng himik ng popular na awitin. Itanghal sa klase ang gawa.<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br><br>3-2-1: Pasalita<br>Ibigay ang pagkatuto gamit ang 3-2-1 na pamamaraan:<br>● 3 - Nalaman o natutuhan mo sa pagtalakay<br>________________________________________.<br>________________________________________.<br>________________________________________.<br>● 2 – Tanong na naiisip mo tungkol sa aralin<br>________________________________________.<br>________________________________________.<br>● 1 – aspeto ng talakayan na nagustuhan o tumatak sa iyo.<br>____________________________________.<br>GABAY-NILAY: Pasulat<br>Isulat sa isang talata ang sagot sa mga sumusunod na katanungan.<br>1. Ano ang naging hamon o balakid sa inyong pagkatuto?<br>2. Ano ang nakatulong upang maunawaan ang aralin?<br>3. Ano ang dapat ninyong gawin upang mapaunlad pa ang pagkatuto sa aralin? | aralin. Itatanghal ang gawa sa klase. |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br><br>Bilugan ang titik ng wastong sagot.<br>1. Ang pinatupad ng Espanyol sa Pilipinas kauglay sa paglilibag at pagpapalabas sa madla.<br>A. panuntunan sa limbagan C. pagbebenta ng lathala<br>B. sensura D. pagbubuwis sa lathala<br>2. Saan daw sinasabing sinulat ni Balagtas ang “Florante at Laura”?<br>A. sa simbahan C. sa isang casa<br>B. sa kulungan D. sa bayan ng Bataan | **Mga Tamang Sagot:**<br><br>1. B<br><br>2. B |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Sino ang mananalaysay na napasakamay ang kopya ng Florante at Laura noong 1861?<br>A. Alfres Lucas C. Solidad Reyes<br>B. Isagani Cruz D. Carlos Ronquillo<br>4 Tuwing kalian ibinibenta ang mga kopya ng “Florante at Laura”?<br>A. tuwing kaarawan ni Balagtas C. kaarawan ng alkalde<br>B. sa karaniwang araw D. misa at kapistahan<br>5. Magkano ang halaga ng kopya ng “Florante at Laura”?<br>A. isang sentimo C. sampung sentino<br>B. limang sentimo D. piso<br>6. Siya ay tagapagtanggol ng Albanya, nagpasuko ang 17 na Hari sa kanyang pakikipaglaban.<br>A. Adolfo C. Florante<br>B. Flerida D. Menalipo<br>7. Siya ay anak ni Sultan Ali-Adab ng Persya, isang moro na nagligtas at tumulong kay Florante.<br>A. Adolfo C. Florante<br>B. Aladin D. Menalipo<br>8. Siya ay pinsan ni Florante na nagligtas sa kanya noong siya ay sanggol pa lamang..<br>A. Menandro C. Adolfo<br>B. Aladin D. Menalipo<br>9. Siya ay kalaban ni Florante, tinawag na mapagbalat-kayo.<br>A. Menandro C. Adolfo<br>B. Aladin D. Menalipo<br>10. Siya ay ama ni Laura at hari ng Albanya. | 3. D<br>4. D<br>5. C<br>6. C<br>7. B<br>8. D<br>9. C<br>10. A |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">A. Haring Linceo C. Sultan Ali-adab<br>B. Conde Briseo D. Heneral Osmalik<br><br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>- Basahin ang talambuhay ni Francisco Balagtas at ibigay ang apat na himagsik ni balagtas.<br>- Basahin ang tulang “Kay Selya” sa Florante at Laura”</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo. Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | *Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | |